




勞工處

Labour Department

(Tagalog version)

**WALANG Insyurans sa
Kompensasyon ng mga
Empleyado -
ISANG MALAKING
PROBLEMA**

Mga Tala para sa mga Amo at mga Empleyado



王澤

Ang lahat ng mga amo ay dapat kumuha ng Insyurans sa Kompensasyon ng mga Empleyado (Employees' Compensation Insurance – ECI) o kung hindi man ay magkakaroon ng malaking problema

Ayon sa mga Batas ng Hong Kong



ay dapat kumuha ng **ECI**

Ang lahat ng mga amo

na nagpapatrabaho

ng sinumang empleyado

Anuman ang

Klase ng trabaho

Full-time o part-time na trabaho

Permanente o pansamantalang katayuan

Tagal ng oras ng pagtatrabaho

Tagal ng kontrata sa pagtatrabaho ng empleyado

ng empleyado



Mga iba pang dapat malaman

Ayon sa seksyon 40 ng Ordinansa sa Kompensasyon ng mga Empleyado (Employees' Compensation Ordinance - ECO), Kabanata 282 ng mga Batas ng Hong Kong, walang amo ang dapat kumuha ng sinumang empleyado para sa anumang trabaho maliban kung may ipinatutupad na polisa ng ECI na isama ang pananagutan ng amo sa ilalim ng batas (kabilang ang karaniwang batas), anuman ang tagal ng kontrata sa pagtatrabaho o oras ng pagtatrabaho, full-time o part-time na trabaho, permanente o pansamantalang katayuan.

Ang hindi pagkuha ng ECI cover ay isang kriminal na pagkakasala na may pananagutan na multa at pagkakulong

Ang amo na hindi kumuha ng ECI cover para sa isang empleyado ay may pagkakasala at:

dapat magbayad ng **surcharge** sa Lupon ng Pondo sa Tulong sa Kompensasyon ng mga Empleyado (Employees Compensation Assistance Fund Board)

mananagot sa paghatol hanggang sa **pinakamataas na multa na \$100,000** at **pagkakakulong ng dalawang taon**



mananagot pa rin na pasanin ang **pananagutan sa kompensasyon ng mga empleyado** ayon sa mga batas para sa empleyado na nasugatan o namatay sa trabaho o nagdurusa dahil sa nakuhang sakit sa trabaho

Mga iba pang dapat malaman

Ang amo na hindi sumunod sa ECO na kumuha ng ECI cover ay:

- ▶ mananagot sa pag-uusig at, kapag napatunayang nagkasala, hanggang sa pinakamataas na multa na \$100,000 at pagkakakulong ng dalawang taon;
- ▶ mananagot sa pagbayad ng dagdag na singgil sa Lupon ng Pondo sa Tulong sa Kompensasyon ng mga Empleyado sa ilalim ng seksyon 36A ng Ordinansa sa Tulong sa Kompensasyon ng mga Empleyado (Employees Compensation Assistance Ordinance), Kabanata 365 ng mga Batas ng Hong Kong; at
- ▶ mananagot pa rin sa mga pananagutan sa kompensasyon sa ilalim ng mga batas (kabilang ang karaniwang batas) kung ang kanyang empleyado ay nagtamo ng pinsala o namatay mula sa isang aksidente na nagmula sa trabaho at habang nagtatrabaho o nagdurusa mula sa isang sakit na nakuha sa trabaho sa ilalim ng ECO.

Huwag kailanman gumamit ng maling polisa ng insyurans. Ito ay isang seryosong pagkakasala.


Ang mga sumusunod na gawain ay mga seryosong pagkakasala na may pananagutan sa pag-uusig:

Pagkokopya ng polisa ng insyurans para sa palsipikasyon ng maramihang mga polisa ng insyurans na may layuning magpanggap na ECI na sumasaklaw sa mga empleyado

Pagnanakaw o maling paggamit ng polisa ng insyurans ng ibang tao

Labag sa batas na pagbabago sa mga nilalaman ng isang polisa ng insyurans

Paggawa ng maling polisa ng insyurans o dokumento



Mga iba pang dapat malaman

Anumang intensyon na manlinlang at umiwas sa pananagutan ng pagkuha ng ECI para sa mga empleyado ay maaaring maging isang paglabag sa mga sumusunod na Ordinansa:

(i) Ordinansa sa Mga Krimen (Kabanata 200):

- Pamemeke
- Pagkakaroon o paggamit ng hindi tunay na instrumento
(Ang pinakamataas na parusa para sa mga pagkakasala ng pamemeke, pagkakaroon ng hindi tunay na instrumento o paggamit ng hindi tunay na instrumento ay pagkakakulong ng 14 na taon)

(ii) Ordinansa sa Pagnanakaw (Kabanta 210):

- Panloloko
(Ang pinakamataas na parusa para sa pagkakasala ng panloloko ay pagkakakulong ng 14 na taon)

Bilang karagdagan, ang isang amo na nabigong kumuha ng ECI para sa kanyang mga empleyado ay mananagot sa pag-uusig sa ilalim ng ECO. Ang pinakamataas na parusa ay may multa na \$100,000 at pagkakulong ng dalawang taon.

Ang Kagawaran ng Paggawa ay nagsasagawa ng mahigpit na mga aksyon sa pagpapatupad nito upang masiguro ang pagsunod ng mga amo sa batas



**Mga Kawani ng
Kagawaran ng Paggawa**



- **magsagawa ng mga inspeksyon sa lugar ng pinagtatrabahuan**

- **gumawa ng nakasulat na mga kahilingan sa mga amo na magpakita ng balidong polisa na ECI at mga kaugnay na dokumento para sa inspeksyon**
- **magtanong sa mga kompanya ng insyurans tungkol sa mga polisa ng ECI**

Upang masiguro ang pagsunod ng mga amo sa ECO sa pagkuha ng ECI



Kaso sa Pagpapatupad 1



Pagkatapos ng inspeksyon sa isang scaffolding na lugar ng trabaho, ang kawani ng Kagawaran ng Paggawa ay may pinaghihinalaang kaso ng maling polisa ng ECI.



Isinangguni ng Kagawaran ng Paggawa ang kaso sa pulisya para sa imbestigasyon.




Sa huli, isang lalaki ang inaresto, kinasuhan ng paggamit ng hindi tunay na instrumento at sinentensiyahan ng 120 oras na utos ng serbisyo sa komunidad.

Kaso sa Pagpapatupad 2



Nagtamo ng pinsala ang isang empleyado bilang resulta ng aksidente sa trabaho.




Pagkatapos ng imbestigasyon, nalaman ng Kagawaran ng Paggawa na nabigo ang amo ng napinsalang empleyado na kumuha ng ECI para sa empleyado na kinakailangan ayon sa batas. Kaya, ang Kagawaran ng Paggawa ay nagsagawa ng pag-uusig laban sa amo.



Ang amo ay sinentensiyahan ng anim na buwang agarang pagkakakulong dahil sa paglabag sa ECO sa pamamagitan ng hindi pagkukuha ng ECI para sa empleyado.

* Ang nasa itaas ay galing sa mga totoong kaso at para sa reperensiya lamang.


Kaso sa Pagpapatupad 3



Isang manggagawa ng renobasyon ang nahulog mula sa taas at nagtamo ng maraming pinsala habang nagtatrabaho.



Ang Kagawaran ng Paggawa ay nag-imbestiga at nalaman na ang kanyang amo ay hindi kumuha ng ECI para sa kanya na kinakailangan ayon sa ECO.



Hindi rin nagbayad ng peryodikal na pagbabayad ang amo sa kanya na ayon sa batas.



Ang amo ay kinasuhan at sinentensiyahan ng dalawang buwang pagkakulong, sinuspinde ng 18 na buwan at pinagmulta ng kabuuang \$42,000.

* Ang nasa itaas ay galing sa mga totoong kaso at para sa reperensiya lamang.



Alamin ang kaibahan ng “mga empleyado” at “mga taong may sariling kalakalan” Ang pagkakamali sa pagtukoy ng estado ay maaaring humantong sa problema

Dapat alam
mo na

**Ang
ECI**

ay nalalapat lamang
sa mga empleyado

**Dapat
isaalang-alang
ng mga
kontratista o mga
taong may
sariling
kalakalan**

ang pagkuha ng sapat na
saklaw ng pansariling
polisa ng insyurans na
pang-aksidente

Ang empleyado na naghihinala na ang
kanyang amo ay **hindi kumuha ng ECI** o
walang hawak na balidong polisa ng ECI ay

- maaaring humingi ng mga detalye
tungkol sa ECI mula sa amo
- ipagbigay alam sa Kagawaran ng
Paggawa sa lalong madaling panahon

Hotline ng reklamo: 2815 2200



Mga iba pang dapat malaman


Sa pag-alam ng pagkakaiba ng empleyado at ng kontratista o ng taong may sariling kalakalan, ang lahat ng nauugnay na salik ay kailangang isaalang-alang. Ang mga karaniwang pangunahing salik ay kinabibilangan ng:

- ▶ kontrol sa mga pamamaraan ng trabaho, oras ng pagtatrabaho at sistema
- ▶ pagmamay-ari at probisyon ng kagamitan, kasangkapan at materyales sa trabaho
- ▶ kung ang tao ay nagsasagawa ng negosyo sa kanyang sariling account na may mga responsibilidad sa pamumuhunan at pamamahala
- ▶ kung ang tao ay itinuturing bilang bahagi ng organisasyon ng amo
- ▶ kung ang tao ay malayang kumuha ng makakatulong para mag-asista sa trabaho
- ▶ pagkakaroon ng pinansiyal na panganib sa negosyo (hal. anumang pag-asa ng tubo o panganib ng pagkalugi)
- ▶ mga responsibilidad sa insyurans at buwis
- ▶ tradisyunal na istruktura at gawi ng kinauukulang kalakalan o propesyon
- ▶ iba pang mga salik na itinuturing ng Korte na may kaugnayan


Bago isaalang-alang ng isang empleyado ang pagbabago ng kanyang katayuan sa isang kontratista o taong may sariling kalakalan, dapat maingat niyang susuriin ang mga kalamangan at kahinaan na kasangkot, kabilang ang mga karapatan at benepisyo sa pagtatrabaho na maaaring mawala sa kanya sa naturang pagbabago.

Kung mayroong amo-empleyado na relasyon, kahit na ang manggagawa ay tinatawag na kontratista o taong may sariling kalakalan, o binansagan bilang taong may sariling kalakalan sa kontrata, kailangan pa ring gampanan ng amo ang kanyang mga responsibilidad sa ilalim ng kaugnay na batas sa pamamagitan ng pagbabayad ng ayon sa batas na mga benepisyo nang retroaktibo sa manggagawa na maling nabansagan bilang isang taong may sariling kalakalan. Dagdag pa rito, ang amo ay maaaring managot ng kriminal sa ilalim ng nauugnay na batas.

Dahil ang aktwal na mga pangyayari sa bawat kaso ay magkakaiba, ang huling interpretasyon ay nasa Korte kung sakaling magkaroon ng hindi pagkakaunawaan.



**Kumuha ng sapat na saklaw ng ECI upang
pasanin ang panganib**



Ang polisa na ECI
ay isang nakasulat na
kontrata na ginawa sa
pagitan ng isang amo
at isang kompanya ng
insyurans



Ang layunin ng ECI
ay pasanin ang **panganib**
ng mga amo na magbayad
ng kabayaran sa mga
empleado para sa mga
pinsala at pagkamatay na
nauugnay sa trabaho



Mga iba pang dapat malaman

Ang ECI cover na kinuha ng **amo**


	Bilang ng mga empleyado kaugnay sa kung kanino ipinapatupad ang polisa	Halaga ng insyurans na kinover bawat kaganapan
Ang ECI cover na kukunin ng amo	Hindi lalampas sa 200	Hindi bababa sa \$100 milyon
	Lampas 200	Hindi bababa sa \$200 milyon

Ang ECI cover na kinuha ng **pangunahing kontratista**

- Kung ang isang pangunahing kontratista ay nagsagawa ng anumang gawaing pang-konstruksyon, maaari siyang kumuha ng isang polisa ng insyurans sa halagang **hindi bababa sa \$200 milyon** upang masakop ang kanyang pananagutan at ng kanyang (mga) sub-kontratista sa ilalim ng mga batas (kabilang ang karaniwang batas).
- Ang pangunahing kontratista ng mga gawaing ito at ang kanyang (mga) sub-kontratista ay dapat malinaw sa pagtukoy ng kanilang mga pananagutan sa isang kasulatan.



**Ang pagbibigay ng hindi tamang impormasyon ng ECI
ay nagdudulot ng mabigat na pasanin sa
kompensasyon bilang kapalit**



**Mga tala para
sa mga amo**

- **Kumuha ng ECI para sa mga empleyado** bago magsimula ang trabaho
- **Iproseso ang ECI sa pamamagitan ng isang awtorisadong kompanya ng insyurans o isang lisensyadong tagapamagitan ng insyurans**

**Tandaan na magbigay ng tamang impormasyon sa
kompanya ng insyurans kapag kukuha ng ECI**

**Mga kondisyon sa pagtatrabaho
sa panahon ng bisa ng polisa**

- Hal. kabuuang bilang ng mga empleyado, aktwal na kita, trabaho at mga kaugnay na detalye

Mga patunay na dokumentaryo

- Hal. mga talaan ng suweldo ng mga empleyado/pahayag ng mandatoryong mga kontribusyon sa pondo ng provident/ mga tax return at mga talaan ng accounting

**Upang masiguro na ganap na masasakop ng polisa ng
insyurans ang pananagutan ng amo sa ilalim ng mga batas**

*Kung may anumang hakbang sa pagpapabuti sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho ang amo, ipagbigay-alam ito sa kompanya ng insyurans sapagkat makatutulong ito sa kanilang pagtatasa ng panganib at pagtatasa sa pagiging karapat-dapat sa insyurans.



Kapag kumuha ng ECI at sa panahon na may bisa pa ito, o sa oras ng pag-expire o terminasyon ng polisa ng insyurans, ang amo ay dapat

- ▶ ibigay ang **kinakailangang impormasyon** sa kompanya ng insyurans; at
- ▶ bigyang-pansin ang petsa ng pag-expire ng polisa ng insyurans at gumawa ng aksyon na **mai-renew ito nang maaga para maiwasan ang pagkawala ng proteksyon at ang paglabag sa batas** kapag ito ay natapos na.




Mga iba pang dapat malaman

- ▶ Ang polisa ng ECI ay isang nakasulat na kontrata na ginawa sa pagitan ng isang amo at isang kompanya ng insyurans. Ang pangunahing layunin ng ECI ay ibahagi ang panganib ng mga amo sa pagbabayad ng kabayaran ng mga empleyado para sa mga pinsala at pagkamatay na nauugnay sa trabaho.
- ▶ Ang mga rehistro ng mga awtorisadong kompanya ng insyurans at mga lisensyadong tagapamagitan ng insyurans ay maaring ma-access sa websayt ng Awtoridad ng Insyurans.
- ▶ Kapag kukuha ng ECI, ang amo ay dapat:
 - ✓ maingat na suriin ang mga detalye ng polisa ng insyurans, at magbigay ng tunay na impormasyon at personal na lagda ng may hawak ng polisa sa form ng panukala; at
 - ✓ basahin nang mabuti ang mga nilalaman ng polisa ng insyurans paramaunawaan ang saklaw nito.
- ▶ Sa kaso ng anumang makabuluhang pagbabago sa mga kondisyon sa pagtatrabaho (hal. ang bilang ng mga empleyado, aktwal na kita, lugar ng trabaho, trabaho o mga detalye ng mga post), dapat ipaalam ng amo ang kompanya ng insyurans sa lalong madaling panahon.
- ▶ Maaaring tanungin ng amo ang kompanya ng insyurans (o tagapamagitan ng insyurans) nang direkta kung hindi siya sigurado kung ipapaalam ang isang partikular na impormasyon, o may anumang mga katanungan tungkol sa pagkuha ng ECI o mga tuntunin ng polisa, tulad ng impormasyon/mga dokumento na dapat isumite sa kompanya ng insyurans (o tagapamagitan ng insyurans) para sa pagkuha/pagpapanibago ng isang polisa sa ECI.
- ▶ Kung hindi napagbigay-alam ng amo ang mga materyal na katotohanan na may tamang mga detalye sa panahon ng pagkuha/pagpapanibago ng polisa ng ECI, maaaring makasuhan ng ligal na aksyon ang amo ng taga-insyur para mabawi ang mga perang nabayad ng taga-insyur para bayaran ang anumang mga paghahabol sa ilalim ng polisa.

Magpatupad ng kaligtasan at kalusugan sa trabaho (Occupational Safety and Health - OSH) na mga hakbang upang tamsahin ang mga premyum na diskwento sa ECI

Maaaring ipatupad ng mga amo ang mga hakbang sa pagpapabuti ng OSH



Mga iba pang dapat malaman

OSH Proyekto Bituin - Pag-aayos, Pagpapanatili, Alterasyon at Pagdaragdag (RMAA) Pamamaraan ng Akreditasyon sa Kaligtasan (OSH Star Enterprise - Repair, Maintenance, Alteration and Addition (RMAA) Safety Accreditation Scheme)

Ang Konseho ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Council - OSHC), sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Paggawa, ay naglunsad ng "OSH Proyekto Bituin - RMAA Pamamaraan ng Akreditasyon sa Kaligtasan" upang matulungan ang sektor ng insyurans na matukoy ang mga may-ari/kontratista ng RMAA na may kamalayan sa kaligtasan upang isaalang-alang ang pagbibigay ng paboraleng premyum rate sa kwalipikadong mga negosyo kapag kumuha ng ECI sa ilalim ng Residwal na Pamamaraan ng Insyurans sa Kompensasyon ng mga Empleyado. Ang mga premyum na diskwento ay maaaring umabot ng 50%.

OSH Bituin na Proyekto Pagre-recycle – Pamamaraan sa Industriya ng Pagre-recycle at Pagpapahusay ng Kaligtasan at Kalusugan (OSH Star Recycling Enterprise - Recycling Industry Safety and Health Enhancement Scheme)

Inilunsad ng (Occupational Safety and Health Council - OSHC) ang "OSH Proyekto Bituin na Pagre-recycle - Pamamaraan sa Industriya ng Pagre-recycle at Pagpapahusay ng Kaligtasan at Kalusugan" para itaguyod ang mahusay na mga pamantayan sa kaligtasan sa trabaho sa pagre-recycle at napapanatiling pag-unlad sa industriya. Nag-aalok ito ng ECI premyum na mga rebate (hanggang 2 taon) mula sa Pondo sa Pagre-recycle sa mga amo na nakakuha ng OSH Bituin sa ilalim ng pamamaraan ito. Ang mga rebate ay maaaring umabot ng 60% ng taunang ECI premyum, napapailalim sa pinakamataas na limitasyon na \$70,000 bawat taon.


Maaaring makipag-ugnayan ang mga amo sa OSHC (Tel: 2739 9377/Email: oshc@oshc.org.hk) kung gusto nilang sumali sa Mga Pamamaraan na ito.

Ano ang gagawin kung may mga kahirapan sa pagkuha ng ECI?

Ang industriya ng insyurans ng Hong Kong ay nagtayo ng Residwal na Pamamaraan ng Insyurans sa Kompensasyon ng mga Empleyado bilang isang pamilihan na huling paraan para tulungan ang mga amo na nahihirapan sa pagkuha ng ECI



Upang masiguro na ang mga amo ay makakakuha ng ECI



Mga iba pang dapat malaman

Ang mga amo na nahihirapan sa pagkuha ng ECI ay maaaring makipag-ugnayan sa Kawanihan ng Residwal na Pamamaraan ng Insyurans sa Kompensasyon ng mga Empleyado Bureau Limited (Tel: 2591 9316/ Email: administrator@ecirsb.com.hk).

Alamin kung paano suriin ang isang polisa ng insyurans Maging matalino tungkol sa ECI

Kapag sinusuri ang polisa ng ECI, tiyaking nakalagay na **ang lahat ng mga empleyado ay saklaw ng polisa at bigyang pansin ang mga sumusunod na detalye**

Ang uri ng polisa ay dapat na nakasaad bilang ECI

Ang pangalan ng kompanya ng insyurans

Panahon ng bisa ng polisa ng insyurans

Klase ng trabaho at/o negosyo

Mga lugar/lokasyon ng trabaho na sakop (kung naaangkop)

Aktwal na kita ng mga empleyado

Bilang ng mga empleyadong naka-insyur

Mga okupasyon na sakop

Mga hindi kasali

Warantiya



XX Limitadong Kompanya ng Insyurans

Iskedyul

Numero ng Polisa : CBDDAS/18/1

Date : ika-15 ng Enero 2021

Uri ng Insyurans : Insyurans sa Kompensasyon ng mga Empleyado

Pangalan ng Insyur : XX Limitadong Kompanya ng Pangangalakal

Panahon ng Insyurans : ika-1 ng Pebrero 2021 to ika-31 ng Enero 2022

Negosyo : Pangangalakal

Lugar ng Trabaho : 1) 21/F, Gusali ng ECI, Hong Kong
2) Kahit saan sa loob ng Hong Kong

Limitasyon ng Pananagutan : HK\$100 milyon kung ito ay alinmang isang paghahabol o serye ng mga paghahabol na resulta mula sa o nagmumula sa isang kaganapan

Mga Empleyadong Na-insyur

Paglalarawan ng mga Empleyado	Bilang ng mga Empleyado	Roll ng sahod
Direktor	2	HK\$967,200.00
Manedyer	2	HK\$561,600.00
Taga-assist	1	HK\$249,600.00
Kasosyo sa Negosyo	1	HK\$400,000.00
(Mga hindi manu-manung gawa)		

Kondisyon & Warantiya

- 1) Sugnay ng Ekstraordinaryong Panahon
- 2) Sugnay ng oras ng Pagkain at tanghalian

Para sa at sa ngalan ng
XX Limitadong Kompanya ng Insyurans

* Ang iskedyul ng polisa ng ECI ay para sa reperensiya lamang. Ang anumang pagkakatatulad ay nagkataon lamang.



Mga iba pang dapat malaman

- ▶ Dapat bigyang-pansin ng mga amo ang saklaw ng sakop at proteksyon na ibinibigay ng kani-kanilang mga polisa ng insyurans, gayundin ang mga tuntunin na posibleng ilakip dito ng mga kompanya ng insyurans;
- ▶ Mangyaring kumunsulta sa iyong mga kompanya ng insyurans (o mga tagapamagitan ng insyurans) nang direkta para sa anumang mga katanungan tungkol sa pagkuha ng mga polisa ng ECI o mga tuntunin ng polisa;
- ▶ Kung ito ay may kaugnayan sa mga gawaing konstruksyon,
 - ✓ Ang pangalan ng kompanya ng insyurans sa polisa ng insyurans ay dapat na kapareho ng nagsasagawa ng mga trabaho (kung hindi, kung ano ang ugnayan sa pagitan ng dalawang kumpanya at kung ang mga empleyado ng kumpanyang nagsasagawa ng mga gawain ay saklaw nito);
 - ✓ ang panahon ng pagtatrabaho ay dapat na nasa panahon na may bisa ang polisa ng insyurans; at
 - ✓ dapat gamitin ng mga may-ari/kompanya sa pamamahala ng ari-arian ang mga serbisyo ng mga kontratista/kumpanya na may wastong mga polisa ng ECI. Bago magsimula ang mga trabaho, maaaring hilingin ng mga may-ari/ kompanya sa pamamahala ng ari-arian ang mga kontratista/kumpanya na gumawa ng wastong ECI at mga ikatlong partido na polisa ng insyurans upang mabawasan ang halaga ng kompensasyon na babayaran kung may aksidente.



Ayusin ang mga hindi pagkakaunawaan sa Kompensasyon ng mga Empleyado (Employees' Compensation - EC) sa pamamagitan ng paglilitis o ng medyasyon?

Tinutulungan ng Kagawaran ng Paggawa ang mga empleyadong dumaranas ng mga pinsala sa trabaho o nakuhang sakit sa trabaho upang makakuha ng kabayaran sa ilalim ng ECO



Kung may pagtatalo



Maaaring tulungan ng Kagawaran ng Paggawa ang mga amo at mga empeyado sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan sa EC



Kung hindi nagkaroon ng anumang kasunduan ang amo at ang empleyado, ang kaso ay dapat ipasiya ng Korte.

Mga iba pang dapat malaman

Ang paghawak sa mga hindi pagkakaunawaan sa EC ay nangangailangan ng oras, tulad ng pagkolekta ng mga nauugnay na impormasyon at mga medikal na ulat, atbp., depende sa mga kalagayan ng indibidwal na kaso. Hindi binibigyang kapangyarihan ng ECO ang Kagawaran ng Paggawa na humatol sa isang kaso ng EC o mga isyu na nagmumula sa/kaugnay ng isang kaso ng EC. Samakatuwid, kung ang amo at ang empleyado ay hindi nagkaroon ng anumang kasunduan sa pakikipag-areglo sa tulong ng Kagawaran ng Paggawa, ang hindi pagkakaunawaan sa EC ay ipapasiya ng Korte.

Pagkatapos simulan ang mga pamamaraan ng ECO, kung ang amo at ang empleyado ay gustong gumamit ng alternatibong pagresolba na paraan upang ayusin ang mga hindi pagkakaunawaan sa EC, maaari nilang subukan ang medyasyon upang malutas ang hindi pagkakaunawaan at makatipid ng oras at mga gastusing pang-ligal, sa gayon ay maiiwasan ang mga paglilitis sa Korte. Nang walang paghatol sa isang hindi pagkakaunawaan, ang mga propesyonal na tagapamagitan ay tutulong sa mga partido sa pagtukoy ng mga isyu sa hindi pagkakaunawaan, paggalugad ng mga opsyon, pakikipag-usap sa isa't isa at pag-abot ng isang kasunduan tungkol sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan. Bukod dito, ang medyasyon ay isang kumpidensyal na proseso at ang lahat ng impormasyong ipinarating sa isang sesyon ng medyasyon ay hindi isisiwalat sa sinumang ikatlong partido maliban kung may pahintulot o hinihiling ng batas.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa medyasyon, pakibisita ang pahina sa web "Mga serbisiyong legal at pagresolba ng hindi pagkakaunawaan" sa websayt ng Departamento ng Hustisya: (www.doj.gov.hk/en/legal_dispute/mediation.html).

Mga Katanungan/Sumbong

Mangyaring kumonsulta nang direkta sa iyong mga kompanya ng insyurans (o mga tagapamagitan ng insyurans) para sa anumang mga katanungan tungkol sa pagkuha ng mga polisa ng ECI o mga tuntunin ng polisa. Para sa mga katanungan tungkol sa nilalaman ng polyetong ito, mangyaring, paki-kontak sa nauugnay na (mga) departamento/organisasyon na nakalista sa ibaba para sa karagdagang impormasyon.

Kagawaran ng Paggawa (Labour Department)

Websayt: www.labour.gov.hk

Hotline ng katanungan: 2717 1771 (hawak ng "1823")

Hotline ng pagreklamo para isumbong ang hindi pagsunod ng amo sa mga kinakailangan ng ECI ayon sa batas: 2815 2200

Hotline ng pagreklamo sa OSH para isumbong ang mga hindi ligtas na gawi*: 2542 2172

Awtoridad sa Insyurans (Insurance Authority)

Websayt: www.ia.org.hk

Telepono: 3899 9983

Pederasyo ng mga Taga-insyur ng Hong Kong

(The Hong Kong Federation of Insurers)

Websayt: www.hkfi.org.hk

Telepono: 2520 1868

Ang Kawanihan ng Residwal na Pamamaraan ng Insyurans sa Kompensasyon ng mga Empleyado Bureau Limited (The Employees' Compensation Insurance Residual Scheme Bureau Limited)

Websayt: www.ecirsb.com.hk

Telepono: 2591 9316

Konseho ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho

(Occupational Safety and Health Council)

Websayt: www.oshc.org.hk

Telepono: 2739 9377

Para sa karagdagang impormasyon sa pagkuha ng ECI, mangyaring sumangguni sa polyeto na "Alamin ang Higit Pa tungkol sa Pagkuha ng Insyurans sa Kompensasyon ng mga Empleyado" na magkasama ginawa ng Awtoridad sa Insyurans at ng Kagawaran ng Paggawa.

* Ang publiko ay maaari ring magsumbong ng hindi ligtas na mga gawi sa OSH sa pamamagitan ng pagsagot sa OSH na form ng reklamo na makukuha sa websayt ng Kagawaran ng Paggawa o GovHK (<https://eform.one.gov.hk/form/ld0001/en/>).

Ang impormasyon sa polyetong ito ay may bisa sa panahon ng pag-imprenta.

